


Filipino

**Ikatlong Markahan – Modyul 4:
-Pagsusuri sa mga Tauhan sa
Napanood na Maikling Pelikula
-Pag-uulat Tungkol sa Napanood**



Filipino – Ikalimang Baitang

Alternative Delivery Mode

Ikatlong Markahan – Modyul 4: Pagsusuri sa mga Tauhan sa Napanood na Maikling Pelikula at Pag-uulat Tungkol sa Napanood Unang Edisyon, 2020

Ayon sa isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na, hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-ari ng mga iyon. Ang anumang aksyon/gawain maliban sa paggamit modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis-Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Fe Pinca Irinco
Editor:	Cristina M. Giray
Tagasuri:	Ronaldo N. verano
Tagaguhit:	Kenneth A. Deananeas
Tagalapat:	Beatrice A. Olmedo, Argie L. Ty, Jerome S. Jabel
Tagapamahala:	Ma. Gemma M. Ledesma
	Arnulfo M. Balane
	Joy B. Bihag
	Gorgonio G. Diaz
	Alex B. Rejuso
	Lucila R. Balondo
	Julito E. lagrimas
	Rosemarie M. Guino
	Ryan R. Tiu
	Crista Joy A. Torbila
	Isagani E. Licas
	Elvira R. Ribo
	Beatrice A. Olmedo

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Regional No. VIII

Office Address: Government Center, Cadahug, Palo, Leyte

Telefax: 053 – 832-2997

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

Filipino

Ikatlong Markahan – Modyul 4:
-Pagsusuri sa mga Tauhan sa
Napanood na Maikling Pelikula
-Pag-uulat Tungkol sa Napanood

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin



Kumusta kaibigan?

Natutuwa akong muling makasama ka sa ating panibagong pag-aaral. Matagumpay mong natapos ang modyul 3 kung kaya't tiyak kong madali mo ring magagawa itong modyul 4. Siguradong mawiwili ka sa araling ito dahil mayroon kang panonoring mga maikling pelikula. Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang:

- Nakapag-uulat tungkol sa napanood (F5PD-IIIb-g-15)
- Nakasusuri ng mga tauhan/tagpuan sa napanood na maikling pelikula (F5PD-IIIc-i-16)

Handa ka na bang magsimula?

Subukin mo muna ang iyong kaalaman at kahandaan sa ating aralin ngayon.



Subukin

A. Panuto: Suriin kung anong elemento ang inilalarawan sa bawat bilang. Piliin ang sagot mula sa loob ng kahon. Isulat ang iyong sagot sa iyong sagutang papel.

<i>cinematography</i>	diyalogo	kuwento
pamagat	tauhan	tema

1. Tumutukoy ito sa istorya o mga pangyayari kung saan umiikot ang pelikula.
2. Ito ang paksa ng pelikula. Ito ang diwa, kaisipan, at pinakapuso ng pelikula.
3. Ito ang nagpapakilala sa pelikula.
4. Mga karakter na gumaganap at nagbibigay buhay sa kuwento ng pelikula.
5. Ito ang usapan ng mga tauhan sa kuwento.

B. Panuto: Sagutin ang sumusunod na tanong tungkol sa pagsusuri ng isang pelikula. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang ibig sabihin ng pagsusuri ng isang pelikula? Bakit ito mahalaga?

2. Ano-ano ang mga elemento na dapat isaalang-alang sa pagsusuri ng mga tauhan sa isang pelikula?

3. Bakit mahalagang isaalang-alang ang mga elementong tulad ng kuwento, tema, pamagat, tauhan, diyalogo, *cinematography*, at iba pang aspektong teknikal sa pagsusuri sa mga tauhan ng maikling pelikula?

4. Alin sa mga elementong nabanggit ang masasabi mong pinakamahalaga? Bakit?

5. Paano makatutulong sa pag-unlad ng pelikula ang pagsusuri sa mga elemento ng maikling pelikula?

Aralin

1

-Pagsusuri sa mga Tauhan sa Napanood na Maikling Pelikula

- Pag-uulat Tungkol sa Napanood



Kaibigan, gaano na karami ang pelikulang iyong napanood? Natatandaan mo pa ba ang mga tauhan at ang papel na kanilang ginampanan sa bawat pelikulang iyong napanood?

Sa araling ito, susuriin mo ang mga tauhan sa iyong napanood na maikling pelikula.



Balikan



Tingnan mo ang larawan.

Ginagawa rin ba ng iyong pamilya ang sama-samang panonood ng pelikula o mga palabas sa telebisyon?

Kung oo ang iyong sagot, mainam dahil nagiging mas masaya at nakagagalak ang panonood kung kasama natin ang buong pamilya.

Panuto: Tukuyin mo ang mga katangian ng limang artistang iyong hinahangaan at pinakanagustuhan sa mga pelikulang/teleseryeng iyong napanood. Maaari mong gamitin ang mga salitang **magkasalungat** at **magkasingkahulugan** na iyong natutuhan sa nakaraang aralin. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

1. _____

2. _____

3. _____

4. _____

5. _____



Tuklasin



Kaibigan, tunghayan mo ang kuwento ng isa sa ating mga kababayang Pilipino at ang sakripisyo na handa nating tiisin, alang-alang sa mga mahal natin sa buhay.

- A. Panuto:** Panoorin ang maikling pelikulang “**Munting Kahon ng Pangarap**” sa *link* na <https://www.youtube.com/watch?v=KKH60hsDi2o&feature=share>. Kung mahihirapang buksan ang ibinigay na *link* maaaring manood na lang ng ibang maikling pelikula. Isulat lamang ang pamagat ng pelikula at ang *link* nito. Suriing mabuti ang mga tauhan at pagkatapos sagutin ang kasunod na mga tanong sa hulihan. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Mga Tanong:

1. Sino-sino ang mga pangunahing tauhang gumanap at nagbigay buhay sa pelikula?
2. Angkop ba ang papel na ginampanan ng mga tauhan? Bakit mo ito nasabi? Ipaliwanag ang iyong sagot.
3. Naging makatotohanan ba ang mga tauhan sa pagganap sa mga kilos o reaksiyon? Ipaliwanag ang iyong sagot.
4. Naging maayos ba at maliwanag ang pagkakasabi ng mga tauhan sa dayalogo? Ipaliwanag ang sagot.
5. Naiangkop ba ng mga tauhan ang kanilang pisikal na anyo sa papel na kanilang ginampanan? Ipaliwanag ang iyong sagot?

B. Panuto: Gumawa ng pag-uulat tungkol sa napanood na maikling pelikula. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

(Tingnan ang rubric sa pag-uulat na nasa pahina 11)



Suriin

Bahagi na ng buhay ng karamihan sa mga Pilipino ang panonood ng pelikula. Kahit hirap sa buhay ay gumagawa ng paraan upang mapanood lamang ang mga hinahangaang artista.

Iba-iba ang pamantayan ng tao sa pagpili ng pelikulang panonoorin kaya naman kahit anong pelikula ay kumikita. May sarili kasi itong panghatak sa mga manonood.

Ikaw, anong pelikula ang iyong nagugustuhan? Bakit? Naaantig ba nito ang iyong damdamin o nadama mo rin ba na isa ka sa mga tauhang nagsiganap sapagkat may kaugnayan ito sa mga pangyayari sa iyong buhay?

May mga pagkakataong ding hindi natin nagustuhan ang ating napanood. Depende ito sa ating sariling pamantayan. Maaaring hindi nito natugunan ang ating panlasa at ang inaasahang galing sa pag-arte ng mga artista/tauhang gumanap dito. Mayroon namang simple lamang ang istorya subalit mugto ang iyong mga mata pagkatapos ng palabas. Hindi mo makalimutan ang mga tauhan at mga eksenang napanood kaya naman puro papuri ang ipinupukol mong salita sa tuwing may magtatanong sa iyo tungkol sa pelikula.

Ang mga **tauhan** ay isa sa mga elemento na dapat isaalang-alang sa panonood ng pelikula. Ang mga **tauhan** ay ang mga karakter na nagbibigay-buhay sa isang pelikula.

Dahil dito, nangangailangan ng masusing pagsusuri ang pagkilala sa mga tauhan ng pelikula. Ang pagganap ng isang artista/tauhan ay kinakailangang may kaugnayan sa papel na kanyang ginagampanan.

Tandaan na sa pagsusuri ng mga tauhan ng anomang uri ng pelikula, maikli man o ganap ang haba, mayroon tayong dapat na isaalang-alang tulad ng sumusunod.

- a. Kaangkupan ng tauhan sa papel na ginagampanan.

Malinaw ba ang pagganap ng mga tauhan o artista sa maikling pelikula?

- b. Pagiging makatotohanan sa pagganap sa mga kilos o reaksiyon.
Makatotohanan ba ang kanilang pagganap sa kanilang mga papel?
Angkop ba ang mga kilos at galaw ng mga tauhan o artista sa pelikula?
- c. Pagsasabi nang maayos at maliwanag sa diyalogo.
Naiintindihan ba nang mabuti ang sinasabi ng mga tauhan?
- d. Kaangkupan ng pisikal na anyo sa papel na ginagampanan.

Halimbawa:

Magagaling ang artistang gumanap na sina Gloria Romero, Edu Manzano, Jhonny Delgado, Cherry Pie Picache, Hilda Koronel, at Dina Bonnevie. Talagang ‘di matatawaran ang husay nila sa pag-arte. Damang-dama nila ang katauhan ng papel na kanilang ginampanan.

Sa ating panonood maaari rin tayong makagawa ng pag-uulat. Tandaan na ang **pag-uulat** ay isang pagpapahayag na maaaring gawing pasalita o pasulat. Ito ay bunga nang masusing pagsusuri at maingat na pagmamasid sa mga bagay-bagay sa paligid na ating nakikita o napapanood. Maaaring gawing gabay sa pag-uulat ang sumusunod na tanong.

1. Tungkol saan ang iyong napanood?
2. Naibigan o nasiyahan ka ba sa panonood?
3. Anong mensahe o ideya ang nais iparating ng iyong napanood?
4. May natutuhan ka ba sa iyong napanood? Ano-ano ito?
5. Mairerekomenda mo ba itong panoorin ng iba? Pangatwiranan ang iyong tugon.



Pagyamanin



Malinaw na ba sa iyo ang ating aralin? Ngayon subukin mong sagutin ang kasunod na gawain.

A. Panuto: Panoorin ang maikling pelikulang “Gutom” sa [link](https://youtube/40z62w-CowA) na <https://youtube/40z62w-CowA>. Kung mahihirapang buksan ang ibinigay na *link* maaaring manood na lang ng ibang maikling pelikula. Isulat lamang ang pamagat ng pelikula at ang link nito. Suriing mabuti ang mga tauhan at pagkatapos punan ng sagot ang talahanayan.

Mga tanong:

1. Sino-sino ang mga tauhang gumanap at nagbigay buhay sa pelikula?
2. Angkop ba ang papel na ginampanan ng mga tauhan? Bakit mo ito nasabi? Ipaliwanag ang iyong sagot.
3. Naging makatotohanan ba ang mga tauhan sa pagganap sa mga kilos o reaksiyon? Ipaliwanag ang iyong sagot.
4. Naging maayos ba at maliwanag ang pagkakasabi ng mga tauhan sa diyologo? Ipaliwanag ang sagot.
5. Naiangkop ba ng mga tauhan ang kanilang pisikal na anyo sa papel na kanilang ginampanan? Ipaliwanag ang iyong sagot?

B. Panuto: Gumawa ng isang pag-uulat tungkol sa iyong napanood na maikling pelikula. Gamiting gabay sa iyong pag-uulat ang naging sagot mo sa mga tanong.

(Tingnan ang rubric sa pag-uulat na nasa pahina 11)



Isaisip

Punan ang talahanayan.

ANO ANG IYONG MGA NATUTUHAN?	GAANO ITO KAHALAGA?



Isagawa

A. Panuto: Panoorin ang maikling pelikulang “Regalo” sa *link* na <https://www.youtube.com/watch?v=cGevbJhWB5g&feature=share>. Kung mahihirapang buksan ang ibinigay na *link* maaaring manood na lang ng ibang maikling pelikula. Isulat lamang ang pamagat ng pelikula at ang *link* nito. Suriing mabuti ang mga tauhan at sagutin ang mga tanong tungkol dito. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Mga Tanong:

1. Sino-sino ang pangunahing tauhan nagbigay buhay sa pelikula?
2. Malinaw ba ang pagganap ng mga tauhan sa pelikula?
3. Nangibabaw ba ang katangiang ng mga tauhan sa pelikula? Ano ang mga katangiang ito?
4. Naging makatotohanan ba ang pagganap ng mga tauhan sa kanilang papel na ginampanan? Ipaliwanag ang iyong sagot.
5. Anong aral ang natutuhan mo sa napanood na pelikula?

B. Panuto: Iulat ang napanood na maikling pelikula, isulat ito sa iyong sagutang papel. (Tingnan ang rubric sa pag-uulat na nasa pahina 11)



Tayahin



Malapit na tayo matapos sa ating aralin. Kaya mo pa ba Kaibigan?

Susubukin natin ngayon ang iyong kakayahan sa pagsusuri ng tauhan sa napanood na maikling pelikula.

A. Panuto: Panoorin ang maikling pelikulang “Tagpuan” sa *link* na <https://youtube/NN7MZG5Nf4M>. Kung mahihirapang buksan ang ibinigay na *link* maaaring manood na lang ng ibang maikling pelikula. Isulat lamang ang pamagat ng pelikula at ang link nito. Suriing mabuti ang mga tauhan pagkatapos punan ng sagot ang talahanayan.

Mga tanong	Opo	Hindi po	Ipaliwanag ang Sagot
1. Angkop ba ang papel na ginampanan ng mga tauhan?			
2. Naging makatotohanan ba ang mga tauhan sa pagganap sa mga kilos o reaksiyon?			
3. Naging maayos ba at maliwanag ang pagkakasabi ng mga tauhan sa dayalogo?			
4. Naiangkop ba ng mga tauhan ang kanilang pisikal na anyo sa papel na kanilang ginampanan?			
5. Nakapagbigay ba ito ng aral sa mga manonood?			

B. Panuto: Gumawa ng pag-uulat tungkol sa napanood na pelikula. Isulat ito sa sagutang papel.

(Tingnan ang rubric sa pag-uulat na nasa pahina 11-12)



Karagdagang Gawain

Sikaping makapanood pa ng isang maikling pelikula at suriin ang mga tauhan ayon sa katauhan na kanilang ginampanan. Isulat ang gagawing pagsusuri sa sagutang papel

Rubric sa Paggawa ng Pag-uulat

Katangian	Napakahusay (4)	Mahusay (3)	Katam- taman 2	Kailangan pang magsanay (1)
1. Paksa	Malinaw ang paksa at magkakaugnay ang lahat ng mga pahayag.	Malinaw ang paksa ngunit may ilang mga pahayag ang hindi kaugnay nito.	May kaugnayan ang ilang pahayag sa paksa.	Walang kaugnayan ang mga pahayag sa paksa.
2. Kaayusan ng Nilalaman	Maganda, maayos, at may kahulugan at kaugnayan ang simula at katapusan ng pag-uulat.	Maayos ngunit may ilang pahayag ang walang kaugnayan.	May kaayusan, ngunit hindi maliwanag ang simula at katapusan ng pag-uulat	Walang kaayusan at hindi makahulugan ang mga pahayag.
3. Mga Impormasyon at Detalye	Sapat at wasto ang mga detalye at impormasyon	May ilang detalye at impormasyon ang hindi nabanggit.	May ilang detalye at impormasyon ang hindi wasto o tiyak.	Marami sa mga detalye/ impormasyon ang may kamalian.
4. Mekaniks	Wasto ang lahat ng pagbaybay, paggamit ng mga bantas at malalaking titik.	May kaunting kamalian sa pagbaybay, paggamit ng mga bantas at malalaking titik.	May mga kamalian sa pagbaybay, paggamit ng mga bantas at malalaking titik.	Maraming mali sa pagbaybay, paggamit ng mga bantas, at malalaking titik.

5.Kalinisan	Malinis, maayos, at maganda ang pagkakasulat ng ulat.	Malinis at maayos ang pagkakasulat ng ulat.	Maayos ang pagkaka-sulat ng ulat ngunit hindi magkaka-tulad ang tipo ng titik.	Hindi maayos ang pagkaka-sulat ng ulat.
-------------	---	---	--	---

Puntos

Kahulugan

18-20	-	Napakahusay
13-17	-	Mahusay
8-12	-	Katamtaman
1-7	-	Kailangan pang magsanay



Susi sa Pagwawasto

Subukin

A.

1. Kuwento
2. Tema
3. Pamagat
4. Tauhan
5. Diyologo

B. 1. Tanggapin ang iba-ibang sagot na maaring tama at iba pang aspektong teknikal

3. Tanggapin ang iba-ibang sagot na maaring tama
4. Tanggapin ang iba-ibang sagot na maaring tama
5. Tanggapin ang iba-ibang sagot na maaring tama

Baliklan

(Tanggapin ang iba-ibang sagot na maaring tama)

Tuklasin

A. (Tanggapin ang iba-ibang sagot na maaring tama)

B. Gamitin ang rubric sa pagmamarka ng ginawang pag-uulat

Pagymanin

A. (Tanggapin ang iba-ibang sagot na maaring tama)

B. Gamitin ang rubric sa pag-uulat

Isagawa

(Tanggapin ang iba-ibang sagot na maaring tama)

Gamitin ang rubric sa pag-uulat

Tayahin

A. (Tanggapin ang iba-ibang sagot na maaring tama)

B. Gamitin ang rubric sa pagmamarka ng ginawang pag-uulat

Sanggunian

- AdrelltheFoB. (2017, February 12). *Gutom* [Video file]. Retrieved from <https://youtube/40z62w-CowA>
- Concepcion, R. (2017, June 17). *Munting Kahon ng Pangarap* [Video file]. Retrieved from <https://www.youtube.com/watch?v=KKH60hsDi2o&feature=share>
- Denver John. (2019, February 16). *Tagpuan* [Video file]. Retrieved from <https://youtube/NN7MZG5Nf4M>
- EsJaySuarillo. (2018, December 1). *Regalo* [Video file]. Retrieved from <https://www.youtube.com/watch?v=cGevbJhWB5q&feature=share>
- Julian, A. (2018). *Pinagyamang Pluma 5, Wika at Pagbasa para sa Elementarya*, Quezon City, Philippines: PHOENIX PUBLISHING HOUSE, INC..
- Modyul 11: Pagsulat ng Isang Suring Pelikula- SlideShare (2013) Retrieved from <https://www.slideshare.net/mobile/dionesioable>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph